# TUNGKOL SA STATE BAR NG CALIFORNIA

Ginawa ng Lehislatura ng Estado ng California noong 1927, ang State Bar ay bahagi ng Korte Suprema ng California. Ang misyon nito ay pagsilbihan ang mga mamamayan ng California sa pamamagitan ng maingat na pangangasiwa sa legal na propesyon. Ang mga pangunahing tungkulin ng State Bar ay:

- Pagbibigay ng lisensya sa 250,000 abogado sa California
- Pamamahala sa propesyon at pagsasanay ng batas
- Pagpapatupad ng Mga Panuntunan ng Propesyonal na Gawi para sa mga abogado
- Pagdidisiplina sa mga abogadong lumalabag sa mga panuntunan at batas
- Pagsasagawa ng California Bar Exam
- Pagsulong ng access sa hustisya
- Pagtataguyod ng pagkakaiba-iba at pagiging kabilang sa legal na sistema

Hindi maaaring kumatawan ang State Bar sa mga kliyente o i-refer ka sa isang partikular na abogado. Kung kailangan mo ng abogado, maaari kang ikonekta ng State Bar sa mapagkakatiwalaan mong mga tagapagkaloob ng legal na tulong o serbisyo para sa pag-refer ng abogado sa iyong komunidad.

**I-follow ang State Bar:**

# THE CLIENT SECURITY FUND

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Client Security Fund, sumulat o tumawag sa:**
*The State Bar of California*
*Client Security Fund*
*845 South Figueroa Street*
*Los Angeles, CA 90017-2515*
*213-765-1140*
*clientsecurityfund@calbar.ca.gov*
*www.calbar.ca.gov/Client-Security-Fund*

**Upang maghain ng reklamong nauugnay sa pagdidisplina laban sa isang abogado sa California, pumunta sa aming website, sumulat, o tumawag sa:**
*The State Bar of California*
*Intake Unit*
*845 South Figueroa Street*
*Los Angeles, CA 90017-2515*
*800-843-9053*
*www.calbar.ca.gov/FileComplaint*

**Para sa impormasyon sa wikang maliban sa Ingles, tumawag sa:**
*Multilingguwal na Hotline para sa Reklamo ng California State Bar*
*800-843-9053*

The State Bar *of California*

Balido ang impormasyon sa pamphlet na ito mula Setyembre 2019.



# THE CLIENT SECURITY FUND

## Narito kami upang tumulong

## Nawalan Ka Ba ng Pera o Pag-aari Dahil sa Maling Paggawi ng Abogado?

The State Bar *of California*

# THE CLIENT SECURITY FUND

**Binabayaran ng Client Security Fund ang mga taong nawalan ng pera o pag-aari dahil sa hindi tapat na gawi ng isang abogado. Pinamamahalaan ng State Bar ang Fund, na buong pinopondohan ng mga abogado ng California.**

Nakatulong na ang Fund sa libo-libong tao na mabawi ang nawala sa kanila dahil sa hindi tapat na gawi ng mga abogado at nakapamahagi na ito ng milyon-milyong dolyar sa mga biktima.

Para maging kwalipikado para sa kabayaran, kailangan mong maipakitang nakatanggap ang abogado ng pera o pag-aari mula sa iyo-o pera mula sa kasunduan (settlement) o iba pang pinanggalingan na dapat na ibinigay sa iyo-at pagkatapos ay kumilos sa hindi tapat na paraan, ayon sa mga panuntunan ng Client Security Fund. Karaniwan ay dapat nadisiplina, na-disbar, kusang umalis mula sa State Bar, o pumanaw na ang abogado. Bawat aplikasyon ay indibidwal na sinusuri para malaman kung natutugunan nito ang mga panuntunan ng Fund.

Libre ang paghain ng aplikasyon para sa kabayaran mula sa Fund. Para mag-apply, hindi mo kailangan ng abogado para kumatawan sa iyo, at hindi mo kailangang maging mamamayan ng Estados Unidos. Kung kwalipikado ang nawala mula sa iyo, maaaring ibayad ng Fund sa iyo ang halagang nawala sa iyo, nang hindi lalagpas sa $100,000.

Naghahanap ng impormasyon tungkol sa mga legal na serbisyo sa iyong katutubong wika? Tawagan ang State Bar sa 866-44-CA-LAW.

**Mababasa rin ang pamphlet na ito sa wikang:**

Spanish Español • Vietnamese Tiếng Việt
Korean 한국어 • Chinese 中文
Russian Русский • Tagalog

# PAANO MAKAKATULONG SA IYO ANG CLIENT SECURITY FUND

Binuo ang Client Security Fund para mabayaran muli ang mga taong nawalan ng pera o pag-aari dahil sa hindi tapat na gawi ng abogado.

## Anong mga kawalan ang kwalipikado?

Narito ang mga halimbawa ng mga kawalang maaaring maging kwalipikado para sa muling kabayaran:

- Pagnanakaw ng mga pondo ng kasunduan ukol sa personal na pinsala (personal injury settlement fund) o iba pang pondong pinagkatiwala sa abogado
- Hindi pagbalik ng abogado ng mga hindi pinaghirapang kabayaran kapag walang isinagawang serbisyo ang abogado
- Pag-utang ng pera mula sa kliyente nang walang balak o abilidad na bayaran muli ito

## Anong mga kawalan ang hindi kwalipikado?

Hindi nagbabayad ang Fund para sa isang kawalan maliban na lamang kung kumilos ang abogado sa paraang hindi tapat, ayon sa mga panuntunan ng Fund. Hindi nagbabayad ang Fund para sa interes, gastos, o consequential loss (mga hindi direktang kawalan) na dulot ng abogado; tulad ng mga ibinayad sa ibang abogado o mga pinsalang dulot ng hindi wastong pagsasanay ng batas, kapabayaan, o kawalan ng kakayahan ng abogado.

## Sino ang maaaring mag-apply?

Kung natutugunan mo ang pamantayan, maaari kang mag-apply para sa kabayaran. Gayunpaman, may mga partikular na taong hindi kwalipikado. Halimbawa, kung ikaw ay asawa o malapit na kapamilya ng abogado, o kasosyo sa negosyo, employer, o employado ng abogado, hindi ka maaaring bayaran muli ng Fund. Hindi mo kailangang maging mamamayan ng Estados Unidos para mag-apply.

## Sinong nagpapasya kung mababayaran ang isang aplikasyon?

Pinangangasiwaan ng Client Security Fund Commission (Komisyon ng Pondo para sa Seguridad ng Kliyente) ang Fund. Ang Commission ay binubuo ng limang nagboluntaryong tao – tatlong abogado at dalawang hindi abogado – na itinakda ng Board of Trustees (Lupon ng Katiwala) ng State Bar.

## Paano ako mag-aapply?

Available online ang mga form ng aplikasyon (tingnan ang link sa ibaba). Maaari ka ring sumulat o tumawag sa Client Security Fund ng State Bar, at maaari naming ipadala sa iyo ang mga form sa pamamagitan ng koreo. Tingnan ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa likod ng pamphlet na ito.

## Ano ang iba ko pang dapat gawin?

Dapat mong kolektahin at itago ang lahat ng iyong mga resibo, rekord sa bangko at iba pang kaugnay na dokumentong nagpapakita ng mga kabayarang binigay mo sa abogado o kabayarang tinanggap ng abogado para sa iyong ngalan. Kung hindi mo pa ito ginagawa, dapat kang maghain ng reklamo laban sa abogado sa State Bar. Mahahanap ang form ng reklamo sa website ng State Bar (www.calbar.ca.gov) sa wikang Ingles, Espanyol, Tsino, Koreano, Vietnamese, at Ruso. Tingnan ang karagdagang impormasyon sa pakiki-pag-ugnayan sa likod na bahagi ng pamphlet na ito.